Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN.

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXIX-'91 (301)
(Sa mungkahi ni Pang. Punong-bayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Almodovar)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng ISANGDAAN TATLUMPU'T PITONG LIBONG PISO (₱137,000.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa mga sumusunod na gastusin:

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Local Project Office Budget for the period-July-Dec., 1991. . | ₱110,000.00 |
| 2. | Labor & materials of 5 pieces of traffic signs. . . . . | 750.00 |
| 3. | Supplies/Printed Forms of Engineering Office. . . . . . . . | 22,500.00 |
| 4. | Cost of additional copies of DIYARYO NG BAYAN. . . . . . . . . | 3,750.00 |
| | | ₱137,000.00 |

IPINASYA din na ang halagang nabanggit ay kunin sa "Unappropriated Surplus of 1990".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 569-'91
PROVINCIAL BOARD
Oktubre 23, 1991

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

*********** **

Hinggil naman sa suliranin ng Zavalla Village I Homeowners Association ay sinabi ng Punong-bayan na kanya ng kinausap ang mga squatters na siyang mga nananahan sa may ilog at nangako ang mga ito na sila ay lilipat sa tabi na lamang ng ilog upang hindi makasagabal sa daloy ng tubig. Gayunpaman ay iniliwat ng kapulungan ang paksa kay Kag. Almodovar, Tagapangulo ng Lupon para sa Human Settlements upang siya ang makipag-ugnayan sa mga karatig na lupain tulad ni G. Graza.

**************

Tinalakay din ang suliraning idinudulot ng pagkakatayo ng bagong gusaling pampaaralan ng Paaralang Canossa na ngayo'y siyang nagdudulot ng pagbaha sa bahaging kanluran ng kabayanan. Sinabi ng Punong-bayan na nangangailangan ng unti-unting pagsasa-ayos ng mga padaluyang tubig. Ipinaalam din niya na magsasagawa ng masusing pagsisiyasat at pagbibisita sa lahat ng kalyeng binabaha upang unti-unti rin itong maipa-ayos.

*************

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTEÑA
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad